
ISSN 2651-7108

# TALA

KASAYSAYAN
An Online Journal of History



## ARTICLES

1 An Interpretation on Embossed and Embedded Symbols in Lanao Traditional and Historic Implements of War (The Sundang and Kampilan)
*Noralia Ibrahim*

31 Colonial Appetites: The Process of satisfying American food demand and its effects to colonial policies on animal disease and agriculture in the Philippines, 1902-1910
*Reidan M. Pawilen*

55 The Manila Incident: The German-American Conflict of 1898 in the Philippines
*Moises Levi Orlino*

74 Ang 1872 sa Kasayasayan ng Pilipinas: Isang Pagsusuring Historiograpikal sa Ilang Pilipinong Historyador
*Mark Joseph Pascua Santos*

89 Ang Relihiyosong Imahe ng Bulacan bilang Cultural Energy
*Melanie D. Turingan and Glenn Irwin C. Reynon*

99 "Karapat-Dapat na mga Kababayan": Si Quezon at ang Pamahalaang Komonwelt sa mga Bayaning Pilipino
*Nikko Jay Ramos*

140 Isang Panimulang Pag-Aaral sa Pelikulang Historikal ng Sineng Filipino
*John Adrianfer Atienza*

166 Walang "Kaunlaran" sa Kordi: Analisis Sa Chico River Pump Irrigation Project Ni Pangulong Rodrigo Duterte
*John Carlo Santos*

## BOOK REVIEWS

190 Blood is Thicker than Water: Philippine Politics and Families
*Glenn-Dale John C. Go*

V:1

JUNE 2022

# Ang 1872 sa Kasayasayan ng Pilipinas: Isang Pagsusuring Historiograpikal sa Ilang Pilipinong Historyador

**Mark Joseph Pascua SANTOS**
Centro Escolar University
mjpascuasantos@gmail.com
https://orcid.org/0000-0003-0729-5895

**ABSTRAK**

Bilang pagpapahalaga sa GOMBURZA, sa okasyon ng ika-150 anibersaryo ng kanilang kamatayan, ang pag-aaral na ito ay nagsagawa ng isang preliminaryong pagbaybay sa samu't saring pagpapakahulugan at pagbibigay-saysay na ikinakabit sa 1872 sa historiograpiyang Pilipino. Sa partikular, siniyasat ng sanaysay ang kapookan ng 1872 sa balangkas historiograpikal ng ilang prominenteng historyador tulad nina Teodoro Agoncillo, Zeus Salazar, Renato Constantino, Reynaldo Ileto, John Schumacher, Horacio de la Costa, at iba pa. Liban dito, tiningnan din ang pagpapakahulugan sa 1872 ng iba pang teksbuk at akdang pangkasaysayan, bilang tagapagtawid ng mga diskurso ukol sa 1872 mula sa mga prominenteng historyador tungo sa mas malawak na bilang ng mga mambabasa. Sa huli, nahinuha mula sa mga talakayan na ang samu't saring pagpapakahulugan at pagbibigay-saysay sa 1872 bilang teksto ay nahuhulma ng mga balangkas at pananaw historiograpikal na kinapapalooban ng bawat historyador bilang mambabasa ng teksto.

***Mga Susing Salita:*** *1872, Historiograpiyang Pilipino, GOMBURZA.*

**ABSTRACT**

*To commemorate GOMBURZA, on the occasion of the 150th anniversary of their martyrdom this 2022, this study conducted a preliminary survey of various nuances of meanings and relevance attached to 1872 in Filipino historiography. In particular, the essay analyzes the location of 1872 in historiographical frameworks of some prominent historians such as Teodoro Agoncillo, Zeus Salazar, Renato Constantino, Reynaldo Ileto, John Schumacher, Horacio de la Costa, among others. Aside from this, nuances of meanings of 1872 are also inspected from other textbooks and historical works, which mediates discourses on 1872 from prominent historians to larger number of readers. Lastly, the paper concludes from the discussions that the various nuances of meanings and relevance attached to 1872 as a text are molded by the historiographical frameworks and perspectives where each historian, as reader of the text, belong.*

***Keywords:*** *1872, GOMBURZA, Filipino Historiography, Historian.*

## PANIMULA

Nitong Pebrero 17, 2022 ay ginunita ang ika-150 anibersaryo ng pagkamatay nina Padre Mariano Gomez, Padre Jose Burgos, at Padre Jacinto Zamora – na kolektibong tinatagurian bilang GOMBURZA – noong Pebrero 17, 1872. Bilang akto ng pag-alala at pagpapahalaga sa GOMBURZA, mainam na magsagawa ng pagsisiyasat ukol

Santos, Mark Joseph P. "Ang 1872 sa Kasayasayan ng Pilipinas: Isang Pagsusuring Historiograpikal sa Ilang Pilipinong Historyador." *TALA* 5:1 (June 2022), 74 – 88.

sa kahulugan at kabuluhan ng makasaysayang taong ito ng 1872 sa konteksto ng historiograpiyang Pilipino. [1]

Naglalayon ang sanaysay na ito na maglatag ng survey o pagbaybay sa samu't saring pagpapakahulugan at pagbibigay-saysay sa 1872 sa konteksto ng iba't ibang balangkas historiograpikal. Isasakatuparan ito sa pamamagitan ng mabilisan at preliminaryong pagtingin sa kung paano pinapakahulugan at binibigyang-saysay ang 1872 sa mga akdang pangkasaysayan ng ilang mga prominenteng historyador sa Pilipinas tulad nina Teodoro Agoncillo, Horacio de la Costa, John Schumacher, Samuel Tan, Renato Constantino, Nick Joaquin, Zeus Salazar, Nicolas Zafra, Onofre Corpuz, Patricio Abinales, at Reynaldo Ileto. Sa pamamagitan nito ay makikita ang mga diskurso ukol sa 1872 na umiiral sa disiplina ng kasaysayan.

Liban dito, titingnan din ang mga pagpapakahulugan at pagbibigay-saysay sa 1872 sa konteksto ng ilang mga teksbuk at aklat pangkasaysayan, o yaong mga akda na naglalayong mabasa hindi ng mga propesyunal na historyador o mga nagmemedyor sa kasaysayan, kundi ng mas malawak na sektor ng mga mambabasa sa kolehiyo at hayskul. Kadalasan, ang mga panggitnang akdang ito ang nagsisilbing tagapagtulay sa pagitan ng mga prominenteng historyador sa itaas, at mas malawak na mga mambabasa sa ibaba. Ibig sabihin, posibleng ang mga diskurso ukol sa 1872 sa "itaas" (ng mga prominteng historyador) ay naihahatid sa "ibaba" (ng mas malawak na mga mambabasa) sa pamamagitan mga akda na nasa "gitna" (ng mga tagapamagitang teksbuk at akdang pangkasaysayan). Sa ganang ito, ang mga teksbuk at akdang pangkasaysayan na nasa gitnang antas ay makakadagdag din sa pag-unawa sa mga umiiral na pagpapakahulugan at pagbibigay-saysay ukol sa 1872 sa konteksto ng historiograpiyang Pilipino.

Isang paglilinaw bago ang pagtungo sa aktuwal na survey/pagbaybay: sa sanaysay na ito, ang 1872 ay gagamitin bilang kolektibong pantukoy sa isang prosesong pangkasaysayan na nagsimula sa pag-aalsa sa Cavite noong Enero 20, 1872, at nagtapos sa paggarote sa GOMBURZA noong Pebrero 17, 1872. Gayunman, ang pinakamatinding diin ay nasa pagkamatay ng GOMBURZA, na siyang rurok ng 1872 bilang isang prosesong pangkasaysayan.

## ANG 1872 SA SAMU'T SARING BALANGKAS HISTORIOGRAPIKAL

### Teodoro Agoncillo

Sa hanay ng mga prominenteng Pilipinong historyador, ang maituturing na may pinakamataas at pinakakontrobersyal na pagpapahalaga sa 1872 ay si Teodoro Agoncillo. Sa isang interbyu na isinagawa ni F. Sionil Jose kay Agoncillo noong Marso 1976 (na inilakip sa *Talking History* ni Ambeth Ocampo),[2] inilahad ni Agoncillo na 1872 ang maituturing na pinakasimula ng kasaysayang Pilipino. Iginiit niya na ang yugto bago ang 1872 ay hindi kasaysayang Pilipino, kundi kasaysayan ng mga Espanyol sa Pilipinas. Sa

[1] Ang sanaysay na ito ay nag-ugat sa isang pampublikong lektura na ibinahagi sa isang *webinar* na inorganisa ng Museo ng Libingan sa Ilalim ng Lupa ng Nagcarlan (NLILN), National Historical Commission of the Philippines noong Marso 2, 2022, na may temang "Pag-alala sa Gomburza: Pagkilala sa Kabayanihan ng Tatlong Paring Martir na Humubog sa Kasaysayang Pilipino." Ipinapaabot ang pasasalamat kay Sarah Jane Estubo ng NHCP-NLILN na siyang nanguna sa pag-organisa ng nasabing *webinar*.

[2] Ambeth Ocampo, *Talking History: Conversations with Teodoro A. Agoncillo* (Manila: University of Sto. Tomas Publishing House, 2011), 168.

© 2022 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

yugtong pre-1872, ang mga Pilipino ay pasibong obheto lamang na tagatanggap ng mga aksyon mula sa mga Espanyol bilang mga aktibong subheto. Hindi kataka-takang mga Espanyol ang bida sa naratibong pre-1872, dahil halos lahat ng mga dokumentong pangkasaysayan sa yugtong ito ay isinulat mismo ng mga Espanyol. Yamang sila ang tagapagsalaysay, ang kanilang sarili rin ang itinatampok nila bilang mga bida ng salaysay. Dagdag pa ni Agoncillo, 1872 lamang nagsimulang maisulat ang kasaysayan mula sa punto-de-bista ng mga Pilipino, kaya 1872 lamang din talaga nagsimulang pahalagahan ang papel ng mga Pilipino sa kasaysayan.

Noong panahong iyon ay napakakontrobersyal ng tindig na ito ni Agoncillo, lalo na sa labas ng Unibersidad ng Pilipinas (UP). Mangangahulugan kasi ito na tila baga "Madilim na Yugto" ang panahong pre-1872. Sa kontekstong ito ay masyadong liliit ang pagtingin sa papel na ginampanan ng simbahang Katoliko sa kasaysayang Pilipino, yamang simbahan ang isa sa pinakaprominenteng institusyon sa panahon ng kolonyalismong Espanyol. Ito ang pangunahing pinag-uugatan ng negatibong tugon ng ibang historyador sa pananaw ni Agoncillo ukol sa 1872, lalo na yaong mga pari/klerikong historyador ng Ateneo de Manila University (ADMU).

Sa pagsusuri ni Reynaldo Ileto, isa sa mga dahilan ng ganitong pananaw ni Agoncillo ay ang kasanayan nito sa panitikang Tagalog. Nagtrabaho si Agoncillo sa ilalim ng Institute of National Language mula 1937 hanggang 1941. Sa katunayan, mula 1920's hanggang 1940's ay puro tula at maiikling kwento sa wikang Tagalog ang isinusulat ni Agoncillo.[3] Dahil dito, nabuo sa kamalayan ni Agoncillo ang ideya na ang kaluluwa ng bayan ay matatagpuan sa wika nito. Kaya naman, yamang walang gaanong dokumentong nakasulat sa Tagalog sa panahong pre-1872, hindi makikita ang kaluluwa ng mga Pilipino sa yugtong iyon.[4]

Yamang 1872 ang simula ng kasaysayan ng Pilipinas para kay Agoncillo, naging mataas ang pagpapahalaga niya sa panahong post-1872, at kaalinsabay nito ay ang pagbaba ng pagtingin niya sa panahong pre-1872. Kapansin-pansin ito sa kanyang tanyag na teksbuk na *History of the Filipino People*, kung saan 57 pahina lamang ang inilaan niya sa mahabang panahon ng Imperyalismong Espanyol (1521-1872), samantalang 57 pahina rin ang iniukol niya sa maiksing panahon ng Kilusang Propaganda at Himagsikang Pilipino (1872-1898).[5] Hindi nalalayo rito ang numero mula sa isa pang teksbuk ni Agoncillo sa wikang Filipino: *Ang Pilipinas at ang mga Pilipino: Noon at Ngayon*.[6] Sa aklat na ito, 77 pahina ang inilaan para sa yugtong 1521-1872, habang 71 pahina naman ang iniukol niya para sa yugtong 1872-1898.

Upang lalo pang idiin ang punto: 57 at 77 pahina lamang ang kinailangan niya upang talakayin ang kabuuan ng yugtong 1521-1872 na kinapapalooban ng 351 taon, samantalang halos ganito rin karami (57 at 71 pahina) ang iniukol niya sa yugtong 1872-1898 na binubuo lamang ng 26 taon! Kadalasan, ang

[3] Reynaldo C. Ileto, "Reflections on Agoncillo's The Revolt of the Masses and the Politics of History," *Southeast Asian Studies* Vol. 49, No. 3 (December 2011): 496-497.

[4] Reynaldo C. Ileto, *Knowledge and Pacification: On the US Conquest and the Writing of Philippine History* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2017), 204.

[5] Teodoro A. Agoncillo, *History of the Filipino People*, Eighth Edition (Quezon City: R.P. Garcia Publishing Co., 1990).

[6] Teodoro A. Agoncillo, *Ang Pilipinas at ang mga Pilipino: Noon at Ngayon*, Ikalawang Edisyon (Quezon City: Garotech Publishing, 1981).

© 2022 Mark Joseph P. Santos

haba/ikli ng panahon ay nakakaapekto sa haba/ikli ng espasyong inilalaan ng mga historyador sa pagtalakay rito (bukod sa kairalan ng mga batis na magagamit). Ngunit sa kaso ni Agoncillo, hindi naging bahagi ng konsiderasyon ang haba/ikli ng panahong pre-1872 at post-1872, sapagkat ang pangunahing naging batayan niya ay ang nakikita niyang magkaibang saysay ng dalawang ito sa kabuuan ng kasaysayang Pilipino. Sa sariling mga salita ni Agoncillo ay mababanaag ang masidhing pagpapahalaga niya sa 1872:

> The unjust execution of the three Filipino priests Mariano Gomez, Jose Burgos, and Jacinto Zamora **was a turning point in Philippine history, for it ushered in a new era** — the reform movement.[7] [akin ang diin].

## Horacio de la Costa

Isa sa mga naging pangunahing kritiko ng ganitong pananaw ni Agoncillo ay si Horacio de la Costa, isa sa mga pinagpipitagang historyador ng Ateneo. Iginiit ni de la Costa na gaano man kahalaga ang 1872, hindi pwedeng isawalang-bahala ang panahong pre-1872, dahil hindi natin lubos na mauunawaan ang Pilipinas bilang bansa (post-1872) kung hindi muna natin uunawain ang Pilipinas bilang kolonya (pre-1872). Dagdag pa niya, hindi pwedeng baliwalain ang panahong pre-1872, dahil sa malaking papel na ginampanan ng Kristiyanismo sa paghubog ng kasaysayang Pilipino sa yugtong ito.

Sa isang interesanteng artikulo ni Ileto kung saan pinagkumpara niya si Agoncillo at de la Costa, ipinaliwanag niyang naniniwala si de la Costa na si Jose Rizal ang nakaimpluwensya sa negatibong pananaw ni Agoncillo sa yugtong pre-1872. Matatandaan na sa mga sulatin ni Rizal, ang kolonyalismong Espanyol ang sinisisi niya sa pagiging atrasado ng Pilipinas. Ang propaganda ni Rizal laban sa kolonyalismong Espanyol bilang "Madilim na Panahon" ng ating kasaysayan ang nagbigay-daan kalaunan para sa negatibong pagtingin ni Agoncillo sa panahong pre-1872.[8]

## John Schumacher

Tulad ni de la Costa, isang paring Heswita rin ng Ateneo si John Schumacher. Sa mga akda ni Schumacher, mapapansin ang diin niya sa 1872 bilang tagapag-ugnay sa pagitan ng kaparian at nasyonalismo. Sa kanyang klasikong akda na *Revolutionary Clergy*, iginiit niya na 1872 ang pising nag-uugnay sa pagitan ng sekularisasyon ng mga pari at Kilusang Propaganda ng mga layko. Sa ganang ito, aniya, sina Rizal ay disipulo nina Burgos.[9] Sa aklat naman niyang *The Making of a Nation*, inilahad ni Schumacher na 1872 ang rurok ng sigalot sa pagitan ng paring sekular at paring regular. Ito ang sigalot na minana ng mga propagandista, at ito rin ang sigalot na nagsilbing binhi sa pag-usbong ng nasyonalismong Pilipino kalaunan. Binanggit niya rin sa aklat na sa 1872, nagawa ni Burgos na mapagbagong-anyo ang pangkapariang sigalot tungo sa isang isyung nasyonalista.[10]

---

[7] Agoncillo, *History of the Filipino People*, 129.

[8] Reynaldo C. Ileto, "Horacio De La Costa, SJ, the Filipino Historian, and the Unfinished Revolution," in *Reading Horacio De La Costa, SJ: Views from the 21st Century*, ed., Soledad S. Reyes (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2017), 131-132.

[9] John Schumacher, *Revolutionary Clergy: The Filipino Clergy and the Nationalist Movement, 1850-1903* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1981), 32, 46.

[10] John Schumacher, *The Making of a Nation: Essays on Nineteenth-Century Filipino Nationalism* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1991), 26.

© 2022 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

Sa isa niya pang klasikong akda, ang *The Propaganda Movement*, ipinaliwanag niya na ang 1872 ang nagwakas ng unang kilusang nasyonalista (sekularisasyon) at ito naman ang nagsimula ng ikalawang nasyonalistang kilusan (Kilusang Propaganda). Aniya, matibay ang pagkakaugnay ng dalawang ito, dahil marami sa mga ipinatapon sa Marianas dulot ng pagkakadawit sa pag-aalsang 1872 ay naging bahagi kalaunan ng Kilusang Propaganda (at ilan sa kanila ay kamag-anak/kaibigan ng mga Propagandista). Ilan sa mga ito ay sina Jose Ma. Basa, Antonio Regidor, Maximo Paterno, Mariano Sevilla, Toribio Hilario del Pilar (kapatid na pari ni Marcelo del Pilar), at Rianzares Bautista.[11]

**Samuel Tan**

May pagkakahawig ang punto ni Samuel Tan kay Schumacher. Aniya, ang 1872 ang nagpalakas sa kilusang Pilipinisasyon ng mga parokya. Gaya ng nabanggit na ukol sa posisyon ni Schumacher, iginigiit din ni Tan na ang yugto mula 1872 hanggang 1892 ang nagpabagong-anyo sa pangrelihiyong pakikibaka ng mga pari tungong pambansang pakikibaka.[12]

**Renato Constantino**

May pagkakatulad naman si Renato Constantino at Nick Joaquin sa tuon ng kanilang diin sa usaping 1872: pareho silang nakapokus sa isyu ng lahi. Sa akdang *A Past Revisited* ni Renato Constantino, binigyan niyang diin ang 1872 bilang yugto kung kailan nagkabuklod-buklod ang mga *creole*, *mestizo*, at indio bilang Filipino (kaiba sa dating kahulugan ng Filipino na tumutukoy lamang noon sa mga *creole/Insulares* o yaong mga Espanyol na ipinanganak sa Pilipinas).

Dagdag pa ni Constantino, nagsilbing sikolohikal na lunas ang 1872 sa pangrelihiyong pagkalito na nararanasan ng mga Pilipino.[13] Bago kasi ang 1872, tila lubos na magkasalungat ang pagiging relihiyoso at pagiging makabayan. Sa isang banda, kung nais nilang maging makabayan ay kailangan nilang talikuran ang Katolisismo, dahil ang Katolisismo ay nakikita nila bilang bitbit ng kolonyalismong Espanyol, at ang pamunuan nito ay kapanalig ng mga Espanyol na administrador. Sa kabilang banda, kung nais naman nilang maging tapat sa pananampalatayang Katoliko, kailangan nilang talikdan ang pagiging makabayan at tanggapin nalang ang umiiral na sistema sa lipunan. Bago pa man ang 1872 ay mayroon naman nang mga katulad ni Apolinario de la Cruz o Hermano Pule, na ipinakitang hindi naman eksklusibo sa isa't isa ang pagiging relihiyoso at makabayan. Gayunman, si Hermano Pule ay kinatawan ng mga grupong makabayan na lumabas mula sa pormal na istruktura at doktrina ng simbahang Katoliko. Ang 1872 lamang talaga ang kauna-unahang nagpakita na maaaring maging makabayan ang mga Pilipino habang nananatili sa loob ng istruktura at opisyal na doktrina ng simbahang Katoliko. At ang pangunahing nagpakita nito ay ang GOMBURZA, mga pari na nanatiling nakapaloob sa simbahang Katoliko habang ipinaglalaban ang karapatan ng mga *creole*, *mestizo* at indio.

[11] John Schumacher, *The Propaganda Movement 1880-1895*, Fourth Edition (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1997), 24, 33, 93, 103, 105-106, 124.
[12] Samuel K. Tan, *A History of the Philippines* (Quezon City: University of the Philippines Press, 2008).
[13] Renato Constantino, *The Philippines, Vol. 1: A Past Revisited (Pre-Spanish-1941)* (Quezon City: Renato Constantino, 1975), 147-148.

© 2022 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

## Nick Joaquin

Tulad ng nabanggit na, gaya ni Constantino ay binigyang-diin din ni Nick Joaquin ang 1872 bilang yugto ng pagkabuo ng bansang Pilipino, mula sa noo'y watak-watak na mga grupong etniko sa kapuluan. Mainam na ipaliwanag ang pananaw na ito ni Joaquin sa pamamagitan mismo ng kanyang mga salita:

> If there is a date in our history we can designate as the beginning of a nationalist consciousness, it was the morning of February 17, 1872, **when the people – country folk and city folk, peon and ilustrado, creole and Indio – spontaneously assembled en masse at the Luneta** to turn what should have been a warning into an event, into a triumphal celebration so ominous the Spaniards fled in terror behind the walls of Intramuros.[14] [akin ang diin].

## Zeus Salazar

Bukod sa magkakaibang diin at pagpapakahulugan, magiging mabunga rin kung titingnan ang lokasyon at saysay ng 1872 sa konteksto ng iba't ibang peryodisasyon ng kasaysayan ng Pilipinas na nilikha ng mga historyador. Simulan natin ito sa pagsisiyasat sa kapookan ng 1872 sa balangkas/peryodisasyon ni Zeus Salazar. Ang balangkas na ito ay maituturing na isa sa mga pinakamahahalagang ambag ni Salazar sa historiograpiyang Pilipino (sa katunayan, liban sa balangkas ni Salazar, hanggang sa kasalukuyan ay wala pa ring ibang nalilikhang komprehensibong balangkas na radikal ang pagkakaiba mula sa mga tradisyunal na peryodisasyon).

Maraming pagbabagong pinagdaanan ang balangkas na ito ni Salazar sa pagdaan ng mga taon. Pahapyaw nating tingnan ang ilang modipikasyong ito, kaalinsabay ng pagpansin sa pagkakapook ng 1872 sa naturang balangkas. Ang maipagpapalagay na kauna-unahang publikasyon na pinag-ugatan ng balangkas na ito ni Salazar ay ang "Mungkahing Balangkas ng Pangkabuuang Anyo ng Kasaysayang Pilipino", na nasa isang artikulo na inilimbag niya noong 1974: "Ang Pagpapasakasaysayang-Pilipino ng Nakaraang Pre-Ispaniko."[15] Sa mungkahing balangkas na ito, hinati niya ang kasaysayan ng Pilipinas sa apat na bahagi: 1. Pre-Austronesiko (h.k. 500,000-5000 B.K.), 2. Austronesiko (h.k. 5000 BK-1000), 3. Mala-Pilipino (1000-1521), 4. Pilipino (1521-Kasalukuyan). Yamang panahong pre-Hispaniko ang talagang tuon ng artikulong ito ni Salazar, walang kahit na anong pagbanggit sa 1872 sa mungkahing balangkas.

Ang balangkas na ito ay higit na napaunlad ni Salazar noong ikalawang hati ng 1970's, sa konteksto ng proyektong *Tadhana*, ang aklat na pinakomisyon ni Ferdinand Marcos sa ilang mga historyador at iba pang akademiko ng Unibersidad ng Pilipinas tulad nina Salazar, Serafin Quiason, Samuel Tan, Alex Hufana, Cesar Hidalgo, at Rodolfo Paras-Perez.[16] Si Salazar ang isa sa mga pangunahing bumuo ng balangkas na naging batayan ng ilang bolyum/tomo ng *Tadhana: The History of the Filipino People*. Sa planong 21 na bolyum ng

[14] Nick Joaquin, *A Question of Heroes: Essays in Criticism on Ten Key Figures of Philippine History* (Makati: Ayala Museum, 1977), 21-22.

[15] Zeus A. Salazar, "Ang Pagpapasakasaysayang-Pilipino ng Nakaraang Pre-Ispaniko," in *Ang Kasaysayan: Diwa at Lawak*, ed., Zeus A. Salazar, 163-196 (Quezon City: Kolehiyo ng Sining at Agham, Unibersidad ng Pilipinas, 1974), 187.

[16] Rommel A. Curaming, *Power and Knowledge in Southeast Asia: State and Scholars in Indonesia and the Philippines*, Rethinking Southeast Asia, ed., Duncan McCargo (London: Routledge, 2020), 46-47.

buong proyekto, apat lamang ang nailathala.[17] Gayunman, mainam pansinin na sa pangkabuuang balangkas, ginamit ang 1872 bilang pagbubukas sana ng planong bolyum na "Part 5: Triumph, 1872-1896" (na nakapaloob sa mas malawak na panahunang "The Formation of a National Community (1565-1896)").[18]

Ang balangkas na ito na nalikha ni Salazar noong 1970's ay nilinang niya at inilimbag noong 1993 bilang salalayang balangkas ng *Kasaysayan ng Pilipinas: Isang Balangkas*[19] (noong 1997 ay muli niya itong inilimbag bilang isang kabanata ng *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan*[20]). Sa bersyong ito ng balangkas niya unang ipinakilala ang kanyang tanyag na tatlong yugto ng kasaysayang Pilipino: 1. Pamayanan (h.k. 250,000 B.K. - 1565), 2. Bayan (1565-1913), at 3. Bansa (1913-1992). Siyempre, ang 1872 ay nakapaloob sa ikalawang yugto na "Bayan." Sa loob ng "Bayan" ay mayroong limang nakapaloob na panahon: I. Krisis ng Pamayanang Pilipino (1565-1663), II. Bayan, Pueblo, at Ciudad: Bagong Pamayanan (1663-1745), III. Batayan ng Pagkakaisa: Balik sa Estadong Etniko (1745-1815), IV. Bayang Pilipino: Katutubo at Banyaga (1815-1861), at V. Bayan at Nacion (1861-1913). Samantala, sa loob naman ng ikalimang panahon na "Bayan at Nacion" ay mayroong nakapailalim na lima pang sub-yugto: A. GOMBURZA, Datu Udto, Sultan Muhammad Diamarol (1861-1872), B. Indios, Moros, y Infieles: Inang Bayan (1872-1892), C. Mga Anak ng Bayang Pilipinas (1892-1896), D. Ipinaglabang Nasyon at Bayan (1896-1901), at E. Sangang Daan: Pakikibaka at Pakikibagay (1901-1913). Pansinin na sa pagpapanahong ito, ang 1872 ay nagsilbing panapos sa sub-yugtong "Gomburza, Datu Udto, Sultan Muhamad Diamarol (1861-1872)" at panimula naman para sa sub-yugtong "Indios, Moros y Infieles: Inang Bayan (1872-1892)."

Kapansin-pansin sa puntong ito na bagaman may papel na ginampanan ang 1872 sa balangkas ni Salazar, kung proporsyon ng 1872 sa kabuuang balangkas ang pag-uusapan ay masasabing napakaliit lamang ng saysay ng 1872 sa kabuuan ng malawak na balangkas. Ang 1872 ay panapos at panimula lamang sa ikatlong antas na panahunan (Gomburza, Datu Udto, Sultan Muhamad Diamarol [1861-1872] at Indios, Moros y Infieles: Inang Bayan [1872-1892]), na nakapaloob sa ikalawang antas na panahunan (Bayan at Nacion [1861-1913]), na nakapailalim naman sa unang antas ng panahunan (Bayan [1565-1913]). Sa ibang salita, ang 1872 ay isang munting panapos/panimula ng dalawang maliit na yugto, na nakapaloob sa isang mas malawak yugto, na nakapaloob naman sa isang pinakamalawak na yugto. Samakatuwid, ang 1872 ay isang napakaliit na pangyayari lamang sa napakalawak na balangkas ni Salazar. Bagaman may saysay ito sa kabuuang balangkas ni Salazar, hindi ito kasing halaga ng iba pang pangyayaring pangkasaysayan. Hindi ito tulad ng 1565 (pagdating ni Miguel Lopez de Legaspi) o 1913 (pagbagsak ng mga Muslim sa Labanan sa Bud Bagsak) na malalaking tipak na humahati sa dambuhalang panahong "Pamayanan," "Bayan," at "Bansa." Ni hindi rin nga ito

[17] Michael Charleston B. Chua, "Ang Dapat na Tadhana ng Tadhana: Isang Muling Sulyap sa Pamana ng Intelektwal na Produksyon ng Diktadurang Marcos ukol sa 17-18 Siglo," Panunuringaklat sa klase ni Vicente Villan na Kasaysayan 203, Unang Semestre, 2010-2011.

[18] Curaming, *Power and Knowledge in Southeast Asia*, 74.

[19] Zeus A. Salazar, *Kasaysayan ng Pilipinas: Isang Balangkas* (Quezon City: UP Departamento ng Kasaysayan, 1993).

[20] Zeus A. Salazar, "Kasaysayan ng Pilipinas: Isang Balangkas, ca. 250,000 B.K. - 1992," in *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan; Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan*, eds., Atoy Navarro, et al, 127-154 (Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 1997).

© 2022 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

kahanay ng 1663 (pag-urong ng mga Espanyol mula sa Zamboanga) o 1861 (kapanganakan ni Rizal) na ginawang panghati sa ilang yugto na nasa loob ng "Bayan."

Noong 2004 ay naglimbag si Salazar ng rebisadong bersyon ng naunang balangkas. Pinamagatan niya ang rebisadong bersyong ito na *Kasaysayan ng Kapilipinuhan: Bagong Balangkas.*[21] Sa rebisadong bersyong ito, wala namang nagbago sa peryodisasyon ng yugtong "Bayan at Nacion (1861-1913)" sa loob ng mas masaklaw na "Bayan." Ang pinagkaiba lang dito ay nagdagdag si Salazar ng detalyadong pagtalakay sa bawat sub-yugto na nasa loob ng "Bayan at Nacion." Aniya, sa yugtong 1861-1872, tumindi ang sigalot sa pagitan ng paring sekular at paring regular, at tumindi rin ang pagpasok ng mga Espanyol sa Maguindanao at Sulu. Ukol naman sa 1872-1892, inilahad ni Salazar na makikitaan ito ng pagsidhi ng damdaming makabayan ng mga Pilipino. Gayunpaman, ayon kay Salazar, ang mga Pilipino ay pinaghahati-hati pa rin sa mga kategoryang *indios*, *moros*, at *infieles* sa panahong ito.

Samakatuwid, medyo may pagkakaiba si Salazar kina Constantino at Joaquin. Sa kaso kasi nina Constantino at Joaquin, ang diin nila sa 1872 ay nasa pagkakaisa ng *creole*, *mestizo*, at indio (mga kategoryang panglahi). Ngunit kay Salazar, ang diin ng 1872 ay nasa patuloy na pagkakahati/pagkakawatak-watak sa pagitan ng mga *indio*, *moro*, at *infieles* (mga kategoryang pangrelihiyon, yamang may konotasyong Kristiyano ang *indio* kumpara sa Muslim na *moro*, habang ang *infieles* ay may konotasyon ng sinaunang katutubong relihiyon). O sa ibang salita, kung pagkakaisa ang nakikita ni Constantino at Joaquin sa 1872, patuloy na pagkakawatak-watak ang nakikita dito ni Salazar.

Bukod sa diin sa patuloy na pagkakawatak-watak at pagiging maliit na pangyayari lamang sa loob ng mas malawak na proseso ng pagbubuo ng bansa, may isa pang *nuance* o natatanging pakahulugan si Salazar sa 1872. Para sa kanya, ang 1872 ay bahagi ng proseso sa pagbubuo ng *nacion.* Lahat ng pamilyar sa eskwelang Pantayong Pananaw (PP) ni Salazar ay siguradong pamilyar din sa kanyang konsepto ng "dambuhalang pagkakahating pangkalinangan." Sa payak na paliwanag, tumutukoy ito sa pagkakahati ng lipunang Pilipino sa dalawang pangkat ng wika-at-kalinangan. Sa terminolohiyang "Salazariano", *nacion* ang taguri sa grupo ng mga Pilipinong akulturado o napasa-Kanluran (*westernized*), na ang diwa'y nakabatay sa wika-at-kalinangang banyaga (hal. Espanyol o Ingles). Samantala, *bayan* naman ang pantukoy ni Salazar sa pangkat ng mga Pilipino na ang diwa'y taal sa kalinangang bayan, yaong mga nagsasalita ng mga wika na mula mismo sa loob ng bansa.

Para kay Salazar, sa agos ng kasaysayang Pilipino ay magkaiba ang direksyong tinutungo ng *bayan* at *nacion.* Litaw ang dalawang magkaibang direksyong ito lalo na sa panahon ng ikalabingsiyam na dantaon. Para kay Salazar, ang pag-aalsa halimbawa ni Hermano Pule noong 1841 ay nasa direksyon ng pagbubuo ng *bayan*, na ang rurok ay magaganap sa 1896 na Himagsikang Pilipino ng Katipunan ni Bonifacio. Samantala, ang 1872 naman na sekularisasyon ng GOMBURZA ay nasa direksyon ng pagbubuo ng *nacion*, na ang rurok ay magaganap sa Kilusang Propaganda nina Jose Rizal. Yamang mas may pagkiling si Salazar sa proyekto ng *bayan* kaysa *nacion*, maigigiit na mas matimbang sa kanya, halimbawa, ang 1841 ni Hermano Pule kaysa sa 1872

[21] Zeus A. Salazar, *Kasaysayan ng Kapilipinuhan: Bagong Balangkas* (Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2004).

© 2022 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

ng GOMBURZA (tulad ng mas pagpapahalaga niya halimbawa sa Katipunan ni Bonifacio kaysa sa Kilusang Propaganda ni Rizal).

Mahihinuha sa mga puntong ito na bagaman salik talaga ang 1872 sa pag-usbong ng Pilipinas, sa konteksto ng balangkas ni Salazar ay isang maliit na pangyayari lamang ito sa loob ng mas malawak na proseso ng pagbubuo ng bansa. Gayunman, dahil nga may saysay pa rin naman ang 1872 sa kabuuang balangkas, sa loob ng eskwelang PP ay nagiging paksa pa rin ito ng ilang pagdidiskurso. Ang opisyal na organisasyong nagsusulong ng eskwelang PP, na tinatawag na Bagong Kasaysayan (BAKAS), ay nagdaos noon ng serye ng taunang pambansang kumperensya na tumutuon sa bawat yugto ng Pamayanan-Bayan-Bansa na balangkas ni Salazar. Noong 2014, ang naging tema ng pambansang kumperensya ng BAKAS ay ang "Bayan (1588-1913)."[22] Sa kumperensyang ito, 5 ang presentasyon na pumaksa sa 1872 (GOMBURZA o pag-aalsa sa Cavite) o gumamit dito bilang pananda sa peryodisasyon. Ang limang nagbahagi ng presentasyon na may kinalaman sa 1872 sa kumperensyang iyon ay sina Nilo Ocampo, Oscar Campomanes, Kerby Alvarez, Ricardo Jose, at Carlos Tatel.[23]

## Nicolas Zafra

Bukod kay Salazar, marami pang ibang historyador na gumagamit ng 1872 bilang isang pananda/pangmarka sa kanilang sariling peryodisasyon. Halimbawa, sa kaso ni Nicolas Zafra, 1872 ang panapos niya sa piryod na "Political, Economic, Cultural Progress, 1800-1872" na ikaapat na bahagi ng kanyang aklat na *Readings in Philippine History*. Sa aklat din na ito ni Zafra, iginiit niya na ang 1872 ang nakapag-ambag tungo sa tuluyang pagwawakas ng kolonyalismong Espanyol kalaunan.[24]

## O.D. Corpuz

Tulad ni Salazar at Zafra, mahalaga rin ang 1872 sa peryodisasyon ng aklat ni O.D. Corpuz. Sa katunayan, 1872 ang naging panghati ni Corpuz sa kanyang dalawang tomong aklat na *Roots of the Filipino Nation*: 1872 ang pangwakas ng unang bolyum, at 1872 naman ang simula ng kanyang ikalawang bolyum. Sa pananaw niya, 1872 ang naging tagapagsanib ng pinaglalaban ng mga pari tungo sa mas malawak na ipinaglalaban ng mga Pilipino.[25]

---

[22] Tulad ng nabanggit na, dumaan sa samu't saring pagbabago ang balangkas ni Salazar sa pagdaan ng mga taon. Isa sa mga pagbabagong ito ang taon na nagmamarka sa pagsisimula ng yugtong "Bayan." Matatandaan na 1565 (pagdating ni Miguel Lopez de Legaspi) ang ginamit na taon ni Salazar bilang simula ng "Bayan" sa kanyang mga naunang bersyon ng balangkas (1993 at 1997). Pero sa bersyong 2004 ng balangkas, iniusog niya ang pagsisimula ng "Bayan" mula 1565 tungong 1588. Itong ikalawang taon (1588) ay tumutukoy sa pagkatuklas ng mga Espanyol sa Sabwatan sa Tondo, na para kay Salazar ay simula ng tuluyang konsolidasyon ng kolonyalismong Espanyol sa kapuluan. Ang komprehensibong pagtalakay sa ebolusyon ng balangkas ni Salazar sa agos ng panahon ay isinagawa sa Arvin Lloyd Pingul, "Ang Pagkabuo ng Pantayong Pananaw (PP) sa *Kasaysayan ng Kapilipinuhan*: Mula Pagsasakasaysayang Pilipino ng Nakaraang Pre-Ispaniko hanggang Bagong Balangkas ng Kasaysayan ng Kapilipinuhan ni Zeus Salazar, 1974-2004," pananaliksik-papel na isinulat para sa kursong Historiograpiya 1521-1898 sa ilalim ni Jose Rhommel Hernandez, De La Salle University, ikalawang termino ng 2019.

[23] Bagong Kasaysayan, *Pagkabuo ng Bayan (1988-1913); Ikalawang Yugto ng Kasaysayan ng Kapilipinuhan* (Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2014).

[24] Nicolas Zafra, *Readings in Philippine History* (Quezon City: University of the Philippines, 1956), 367, 517.

[25] O.D. Corpuz, *The Roots of the Filipino Nation, Volume 1* (Quezon City: AKLAHI Foundation Inc., 1989), 514.

© 2022 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

**Patricio Abinales at Donna Amoroso**

Sentral din sa peryodisasyon ni Patricio Abinales at Donna Amoroso ang 1872. Ito ang tagapagbukas ng "Nation and States (1872-1913)" ng kanilang aklat na *State and Society in the Philippines.* Anila, ang yugtong ito (1872-1913) ay ukol sa malumanay na pakikipag-usap ng mga Pilipino sa mga Espanyol para sa pagbabago (na nabigo), pagtatayo ng sariling estado sa pamamagitan ng rebolusyon, at pagpapataw ng mga Amerikano ng kanilang kolonyal na estado. Para kina Abinales at Amoroso, 1872 ang naging daan para sa 'di mapigilang pagdating ng panlipunan at pulitikal na pagbabago sa Pilipinas. Ang 1872 rin anila ay naging tagapagsimula ng paglawak ng identidad na "Filipino."[26]

**Reynaldo Ileto**

Samantala, medyo naiiba sa marami ang pagbibigay-saysay ni Reynaldo Ileto sa 1872. Sa kanyang klasikong *Pasyon and Revolution*, inilahad niya na sa kamalayan ng masa (masang lublob ang kaisipan sa pasyon ni Kristo), ang 1872 ay naging akto ng damayan. Sa kanilang persepsyon, ang pagbitay sa GOMBURZA ay katulad ng pagpapakasakit ni Kristo sa krus. Dahil dito, nagsagawa sila ng malawakang damayan. Ang iba't ibang Pilipinong nagmula sa magkakaibang lugar, uri, at sektor ng lipunan ay nagtipon-tipon upang dumamay sa Gomburza. Ang damayan na ito ay nakatulong aniya sa namumuong pambansang kamalayan.[27]

**ANG 1872 SA IBA PANG MGA TEKSBUK AT AKDANG PANGKASAYSAYAN**

Bukod sa lahat ng mga akdang ito ng mga tanyag na historyador, mainam ding tingnan ang pagpapakahulugan at pagbibigay-saysay sa 1872 sa iba pang mga teksbuk at akdang pangkasaysayan sa kasaysayan ng Pilipinas. Tulad ng nabanggit na, ang mga teknikal na akda ng mga tanyag na historyador ang kadalasang nakaiimpluwensya sa kamalayan ng mas marami pang akademiko sa disiplina ng kasaysayan. Ang mga akda naman ng iba pang mga akademikong ito, lalo na ang kanilang mga teksbuk, ang higit na nakapagpapasikat ng mga konseptong pangkasaysayan sa mas malawak na publiko. Kaya naman magiging mabunga kung titingnan din kung paano ipinipinta ng mga teksbuk at iba pang akdang pangkasaysayan ang 1872.

Sa *Filipino Nation: History and Government* ni Pedro Gagelonia, iginiit niya na 1872 ang nagpalakas sa determinasyon ng mga Pilipino na lumaban. Ang taong 1872 raw ang pinakamalaking salik na gumising sa nasyonalismong Pilipino, dahil liban sa pagkamatay ng GOMBURZA, 1872 rin pinagdadakip ang napakaraming Pilipino na idinawit sa naganap na pag-aalsa. Ipinahayag niya pa na ang mga pinakamahahalagang pangyayari sa kasaysayan ng Pilipinas ay naganap sa mga taon matapos ang 1872.[28]

Ipinaliwanag naman ni Sonia Zaide sa *The Philippines: A Unique Nation* na 1872 ang nagtulak sa mga Pilipino upang mapagtagumpayan ang rehiyunalismo, at magkaisa sa paglaban sa mga Espanyol. Ang 1872 aniya ang

[26] Patricio N. Abinales and Donna T. Amoroso, *State and Society in the Philippines* (Lanham: Rowman & Littlefield Publishers, Inc., 2005), 4, 104.
[27] Reynaldo C. Ileto, *Pasyon and Revolution: Popular Movements in the Philippines, 1840-1910* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1979), 136.
[28] Pedro A. Gagelonia, *Filipino Nation: History and Government* (Metro Manila: National Bookstore, 1977), 111, 113.

© 2022 Mark Joseph P. Santos

nagbigay sa mga Pilipino ng mga martir, na nagpabilis ng paglago ng kanilang nasyonalismo.[29]

Sa mga teksbuk sa kasaysayan ng Pilipinas, tipikal na mayroong bahagi kung saan tinatalakay ng mga may-akda ang mga salik na nakapag-ambag sa pag-usbong ng nasyonalismo. Ang pag-aalsa sa Cavite at pagbitay sa GOMBURZA ay kadalasang hindi nawawala sa mga salik na ito na inilalahad ng mga teksbuk. Ganito ang kaso ng teksbuk nina Amalia Cullarin Rosales at Raul Roland Sebastian na *Historia: Pag-usbong, Pakikipagtagpo at Pagbubuo*, kung saan nila inihanay ang dalawang pangyayaring ito sa loob ng 1872 kasama ng iba pang salik sa pag-usbong ng nasyonalismo tulad ng pagyabong ng liberalismo, pagkasilang ng gitnang uri, pagbubukas ng Kanal Suez, sekularisasyon, at liberal na pamamahala ni Gobernador Heneral Carlos Ma. dela Torre.[30]

Sa isa pang teksbuk nina Rosales at Sebastian (kasama si Patrick Manguera), inilahad nila na ang 1872 ay lumikha ng isang "mala-pambansang kamalayan" sa mga Pilipino. Ibig sabihin, iba ang "mala-pambansang" kamalayang nabuo ng 1872 sa ganap at buo nang pambansang kamalayan, tulad halimbawa ng nabuo sa panahon ng Himagsikang Pilipino nina Bonifacio (mapapansin dito ang impluwensya ng pananaw ni Salazar na markado pa rin ng pagkakawatak-watak ang panahong 1872).[31] Gayunman, sinipi pa rin sa aklat na ito sina Agoncillo at Constantino, at sinabing ayon sa dalawang ito, 1872 ang simula ng pagkabansa ng mga Pilipino. Sinipi rin dito ang paggigiit ni Ileto na ayon sa pananaw ng masa, ang pagbitay sa GOMBURZA noong 1872 ay maihahalintulad sa kamatayan ni Kristo, at ang 1872 ay nagsilbing damayan tungo sa pambansang pagkakaisa.[32] Ang akda na ito nina Sebastian (na ginagamit na teksbuk sa ilang klase ng kasaysayan ng Pilipinas sa PUP) ay isang malinaw na patunay na ang mga teksbuk ay nagsisilbing tulay na nagtatawid ng mga ideya mula sa mga prominenteng historyador patungo sa mas malawak na bilang ng mga mambabasa sa labas ng propesyunal na disiplina ng kasaysayan.

Samantala, kung inilahad ni Samuel Tan na nakalakas sa Pilipinisasyon ng mga parokya ang 1872, iginiit naman ng mga may-akda ng teksbuk na *Our Beloved Country: A History of the Philippines* na nakapagpahina ang 1872 sa sekularisasyon. Ang paghina ng laban ng mga pari ang dahilan umano kung bakit nalipat sa kamay ng ibang sektor ang nasyonalistang pakikibaka – sa mga ilustrado. Inilahad pa ng teksbuk na dramatiko ang 1872 dahil ayon sa isang saksing Pranses, 40,000 katao ang nanood sa paggarote sa GOMBURZA.[33]

Ayon kay Kathleen Nadeau sa kanyang aklat na *The History of the Philippines* (na bahagi ng seryeng *The Greenwood Histories of the Modern Nations*), ang alaala ng 1872 ang nagbuklod sa mga Pilipinong estudyante sa Europa. Sa katunayan,

---

[29] Sonia Zaide, *The Philippines: A Unique Nation* (Quezon City: All-Nations Publishing Co., Inc., 1994), 220.

[30] Amalia Cullarin Rosales and Raul Roland Sebastian, *Historia: Pag-usbong, Pakikipagtagpo at Pagbubuo* (Manila: Mary Jo Publishing, Inc., 2008), 113.

[31] Hindi nakapagtataka ang bakas ng impluwensya ni Salazar sa tindig ng teksbuk na ito sa 1872, dahil ang mga may-akda ay mga kaguruan ng Departamento ng Kasaysayan ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP), kung saan may malinaw na kaugnayan si Salazar. Para sa kaugnayan ni Salazar at ng Pantayong Pananaw sa PUP Departamento ng Kasaysayan, tingnan ang Mark Joseph P. Santos, "Ang Paglago ng Pantayong Pananaw sa Konteksto ng Kapantasan ni Zeus A. Salazar: Isang Maikling Pagsasakasaysayan, 1951-2019," *TALA* Vol. 2, No. 2 (December 2019), 74-77.

[32] Raul Roland R. Sebastian, Patrick H.R. Manguera, and Amalia C. Rosales, *Kasaysayan: Kalinangan, Diwa, Kabuluhan* (Manila: Merry Jo Enterprises, 2014), 146.

[33] Olivia M. Habana, Virgilio DC. Galvez, Ma. Angelica V. Ariston, and Monina O. Correa, *Our Beloved Country: A History of the Philippines* (Mandaluyong City: Anvil Publishing Inc., 2013).

© 2022 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

inihanay niya ang 1872 sa pagkamatay ni Rizal noong 1896, bilang dalawa sa naging pinakainspirasyon ng nasyonalismong Pilipino.[34]

Para naman kay Luis Francia, 1872 ang nagtanim ng binhi tungo sa pagkagising ng nasyonalismo ng mga Pilipino. Ito ang nagpulitisa sa nakababatang henerasyon na bumuo kalaunan ng Kilusang Propaganda. Aniya, malinaw ang pising nag-uugnay sa 1872 at Kilusang Propaganda, lalo kapag kinonsidera ang tatlong grupong bumubuo sa mga propagandista: 1. Mga naging eksilo sa Marianas dahil sa pagkakadawit sa 1872 (hal. Antonio Regidor); 2. Mga nakababatang nag-aaral sa Europa (hal. Rizal); 3. Mga tumakas mula sa pulitikal na pag-uusig sa Pilipinas (hal. del Pilar).[35] Siyempre, sa tatlong ito, ang unang bilang na nabanggit ang malinaw na nag-uugnay sa pagitan ng 1872 at Kilusang Propaganda.

Bukod sa mga teksbuk, mahalaga rin ang pagpinta ng mga historikal na diksyunaryo ukol sa 1872, tulad halimbawa ng *Historical Dictionary of the Philippines* nina Artemio Guillermo at May Kyi Win. Sa historikal na diksyunaryong ito, nabanggit ang 1872 sa entri ng "Cavite Mutiny" at "GOMBURZA." Ayon sa mga entri na ito, 1872 ang naging daan tungo sa pagkamuhi ng mga Pilipino sa mga prayle. Anila, tumindi ang pagiging pambansang simbulo ng GOMBURZA sa pagputok ng Himagsikang 1896. Tulad ng karamihan, 1872 din ang ipinagpapalagay ng aklat na simula ng Kilusang Propaganda.

## Paglalagom

Isa sa pinakamahalagang bagay na ipinapakita ng mga diskurso na ito ay ang reyalidad na ang interpretasyon natin sa anumang teksto (maging tekstong pangkasaysayan man) ay nahuhubog ng kung ano ang mga tanong na ibinabato natin dito, o ano ang mga pananaw na bitbit natin sa pagdulog dito. Ganito ang makikita sa samu't saring pagpapakahulugan at pagbibigay-saysay sa 1872. Ang mga interpretasyon sa 1872 bilang teksto ay nakabatay sa pinagmumulang mga pananaw o eskwelang historiograpikal ng mga historyador bilang mambabasa. Halimbawa, ang 1872 bilang damayan ay bunga ng pananaw ni Ileto na nakatuon sa pasyon. Ang pagpapahalaga ni Agoncillo sa 1872 bilang simula ng kasaysayang Pilipino ay bunga ng kanyang nasyonalistang historiograpiya. Ang diin ni Schumacher at de la Costa sa relihiyosong karakter ng 1872 ay alinsunod naman sa kaligiran nila bilang mga historyador na kasapi ng simbahan. Ang tingin ni Salazar sa 1872 bilang pangyayaring mahalaga sa mga elit tungo sa pagbubuo ng *nacion* ay nakabatay naman sa kanyang eskwelang Pantayong Pananaw. Muli, nagpapakita ang lahat ng ito na ang pagbasa sa anumang teksto ay likas na nakukulayan ng anumang pinagmumulang eskwela/pananaw ng mga historyador man o iba pang pantas sa ibang larangan.

Gayunman, sa kabila ng lahat ng pagkakaiba-ibang ito, halos lahat ng mga historyador na ating sinangguni ay nagkakaisa sa pananaw na mahalaga ang 1872 sa kasaysayan ng Pilipinas, partikular sa pagkabuo ng nasyonalismo noong ikalabingsiyam na dantaon.

---

[34] Kathleen Nadeau, *The History of the Philippines*, The Greenwood Histories of the Modern Nations (London: Greenwood Press, 2008), 34, 40.

[35] Luis H. Francia, *A History of the Philippines: From Indios Bravos to Filipinos* (New York: The Overlook Press, 2014).

© 2022 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

## Mga Sanggunian


Abinales, Patricio N., Donna T. Amoroso. *State and Society in the Philippines.* Lanham: Rowman & Littlefield Publishers, Inc., 2005.

Agoncillo, Teodoro A. *Ang Pilipinas at ang mga Pilipino: Noon at Ngayon*, Ikalawang Edisyon. Quezon City: Garotech Publishing, 1981.

Agoncillo, Teodoro A. *History of the Filipino People*, Eighth Edition. Quezon City: R.P. Garcia Publishing Co., 1990.

Bagong Kasaysayan. *Pagkabuo ng Bayan (1988-1913); Ikalawang Yugto ng Kasaysayan ng Kapilipinuhan.* Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2014.

Chua, Michael Charleston B. "Ang Dapat na Tadhana ng Tadhana: Isang Muling Sulyap sa Pamana ng Intelektwal na Produksyon ng Diktadurang Marcos ukol sa 17-18 Siglo." Panunuring-aklat sa klase ni Vicente Villan na Kasaysayan 203. Unang Semestre. 2010-2011.

Constantino, Renato. *The Philippines, Vol. 1: A Past Revisited (Pre-Spanish-1941).* Quezon City: Renato Constantino, 1975.

Corpuz, O.D. *The Roots of the Filipino Nation, Volume 1.* Quezon City: AKLAHI Foundation Inc., 1989.

Curaming, Rommel A. *Power and Knowledge in Southeast Asia: State and Scholars in Indonesia and the Philippines*, Rethinking Southeast Asia, ed., Duncan McCargo. London: Routledge, 2020.

Francia, Luis H. *A History of the Philippines: From Indios Bravos to Filipinos.* New York: The Overlook Press, 2014.

Gagelonia, Pedro A. *Filipino Nation: History and Government.* Metro Manila: National Bookstore, 1977.

Habana, Olivia M., Virgilio DC. Galvez, Ma. Angelica V. Ariston, and Monina O. Correa. *Our Beloved Country: A History of the Philippines.* Mandaluyong City: Anvil Publishing Inc., 2013.

Ileto, Reynaldo C. *Pasyon and Revolution: Popular Movements in the Philippines, 1840-1910.* Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1979.

Ileto, Reynaldo C. "Reflections on Agoncillo's The Revolt of the Masses and the Politics of History." *Southeast Asian Studies* Vol. 49, No. 3 (December 2011): 496-520.

Ileto, Reynaldo C. *Knowledge and Pacification: On the US Conquest and the Writing of Philippine History.* Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2017.

Ileto, Reynaldo C. "Horacio De La Costa, SJ, the Filipino Historian, and the Unfinished Revolution." In *Reading Horacio De La Costa, SJ: Views from*

*the 21st Century*, ed., Soledad S. Reyes. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2017.

Joaquin, Nick. *A Question of Heroes: Essays in Criticism on Ten Key Figures of Philippine History.* Makati: Ayala Museum, 1977.

Nadeau, Kathleen. *The History of the Philippines*, The Greenwood Histories of the Modern Nations. London: Greenwood Press, 2008.

Ocampo, Ambeth. *Talking History: Conversations with Teodoro A. Agoncillo.* Manila: University of Sto. Tomas Publishing House, 2011.

Pingul, Arvin Lloyd. "Ang Pagkabuo ng Pantayong Pananaw (PP) sa Kasaysayan ng Kapilipinuhan: Mula Pagsasakasaysayang Pilipino ng Nakaraang Pre-Ispaniko hanggang Bagong Balangkas ng Kasaysayan ng Kapilipinuhan ni Zeus Salazar, 1974-2004." Pananaliksik-papel na isinulat para sa kursong Historiograpiya 1521-1898 sa ilalim ni Jose Rhommel Hernandez. De La Salle University. Ikalawang termino, 2019.

Rosales, Amalia Cullarin, Raul Roland Sebastian. *Historia: Pag-usbong, Pakikipagtagpo at Pagbubuo.* Manila: Mary Jo Publishing, Inc., 2008.

Salazar, Zeus A. "Ang Pagpapasakasaysayang-Pilipino ng Nakaraang Pre-Ispaniko." In *Ang Kasaysayan: Diwa at Lawak*, ed., Zeus A. Salazar, 163-196. Quezon City: Kolehiyo ng Sining at Agham, Unibersidad ng Pilipinas, 1974.

Salazar, Zeus A. "Kasaysayan ng Pilipinas: Isang Balangkas, ca. 250,000 B.K. – 1992." In *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan; Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan*, eds., Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez, Vicente Villan, 127-154. Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 1997.

Salazar, Zeus A. *Kasaysayan ng Kapilipinuhan: Bagong Balangkas.* Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2004.

Santos, Mark Joseph P. "Ang Paglago ng Pantayong Pananaw sa Konteksto ng Kapantasan ni Zeus A. Salazar: Isang Maikling Pagsasakasaysayan, 1951-2019." *TALA* Vol. 2, No. 2 (December 2019): 46-92.

Sebastian, Raul Roland R., Patrick H.R. Manguera, Amalia C. Rosales. *Kasaysayan: Kalinangan, Diwa, Kabuluhan.* Manila: Merry Jo Enterprises, 2014.

Schumacher, John. *Revolutionary Clergy: The Filipino Clergy and the Nationalist Movement, 1850-1903.* Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1981.

Schumacher, John. *The Making of a Nation: Essays on Nineteenth-Century Filipino Nationalism.* Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1991.

Schumacher, John. *The Propaganda Movement 1880-1895*, Fourth Edition. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1997.

© 2022 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

Tan, Samuel K. *A History of the Philippines.* Quezon City: University of the Philippines Press, 2008.

Zafra, Nicolas. *Readings in Philippine History.* Quezon City: University of the Philippines, 1956.

Zaide, Sonia. *The Philippines: A Unique Nation.* Quezon City: All-Nations Publishing Co., Inc., 1994.

© 2022 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108